# Lungsod ng Kodiak

## Uri ng Pamahalan ng Lungsod ng Kodiak

Ang Lungsod ng Kodiak ay pinapangasiwaan ng Konseho-Tagapangasiwa porma ng gobyerno, na pinagsama ang kakayahan ng full-time na tagapangasiwa na isang propesyonal, at ang interesado at dedikadong mga serbisyo ng mga nahalal na mamamayan para magdagdag sa kaligtasan, pangkabuhayan, at kaunlaran ng komunidad.

Ang Alkalde na inihahalal na magsilbi ng dalawang taon, ay siyang namumuno sa mga pagpupulong ng mga kagawad at siyang nagpapatunay ng lahat ng ordinansa at resolusyon na ipinasa ng Konseho.

Dalawa sa anim na Konsehal ang inihahalal taun taon para sa tatlong taong termino. Ang Konseho ang humihirang ng City Manager at Clerk, at pumipili ng kontratadong abogado ng Lungsod. Ang Sanggunian, sa pamamagitan ng ordinansa, ay nagpapatupad ng batas, nagtatakda ng patakaran, nagpapatibay ng badyet, at nagsasaayos ng mga usaping piskal ng Lungsod.

## MAHAHALAGANG PETSA

Ang pagpapa rehistro ng mga botante ay bukas buong taon; gayunpaman, ayon sa batas ng Estadong halalan ay kinakailangang kayong magpatala (30) tatlumpong araw bago magsimula ang halalan upang maging botante sa araw na nabanggit.

- **Septiyembre 18**, Umpisa ng Maagang Pagboto
- **Septiyembre 26,** Huling araw ng Kawani ng Lungsod ng Kodiak para tumanggap ng mga kahilingan sa balotang pagliban
- **Oktubre 2**, Huling araw ng personal na pagboto ng pagliban
- **Oktubre 3**, ARAW NG HALALAN at huling araw upang ipadala sa koreo ang pagboto ng pagliban
- **Oktubre 10**, Kailangang matanggap ang balota ng pagliban bago mag alas singko ng hapon sa pamamagitan ng koreo (kinakailangang may marka ng koreo na hindi lalagpas sa Oktubre 3, 2023.)